# FRONTLINER

Edward Perez

**PACIANO MULINGBAYAN, 66 gulang, nakarekober sa COVID-19, nabilanggo sa panahon ng Martial Law**

*(Papailanlang ang awiting "Leaves" ng Ben and Ben. Magliliwanag. Nakaupo sa silya si Paciano. Nakasuot siya ng "Mao cap." Nasa tapat niya ang isang laptop. Aalisin niya ang kanyang suot na sombrero.)*

**Paciano**

Ate, hindi kita marinig. Naka-mute ka 'ata. Ayan, dinig na kita. Maingay dito? Sandali lang. Dengdeng, apo, pakihina nga niyang pinakikinggan mong musika. May ka-video-call lang ang Lolo Paciano.

*(Unti-unting hihina hanggang sa tuluyang hindi na maririnig ang awiting "Leaves.")*

**Paciano**

Kumusta na, Ate? Anong lagay n'yo diyan sa New Zealand? Dito sa Pinas? Dumami na naman ang nabibiktima ng COVID-19. Wala nang pinaliligtas, mapabata man o matanda. Mabuti na lang, isa ako sa mga may edad na nakaligtas sa COVID-19. Sixty-six years old na ako ngayon. Eto ang ID ng isang senior citizen, Paciano Mulingbayan. Gamit na gamit na 'pag bumibili ng mga gamot.

Malapit na rin ang birthday ko. Naisipan kong mag-ayos ng gamit sa kabinet. Nakalkal ko ang aking lumang ID. Sa Kolehiyo ang student number ko, 72 ang simula. Anim na taon na lang, kasing-edad ko na ang student number ko. Oo naman, Ate, mas may edad ka ng apat na taon. Graduating ka na nu'ng freshman pa lamang ako.

Nu'ng mag-enroll ako sa Kolehiyo, alam mo naman 'yon. First choice ko, Biology. Sa Agriculture ako natanggap. Ayaw ko na sanang tumuloy. Pinilit ako ni Itay. 'Pag nasa Kolehiyo na daw, mag-shift na lang daw sa kursong Biology. Gusto niya kasing may kumuha ng medicine sa ating magkakaptid.

*(Ipakikita ni Paciano ang kanyang senior citizen ID.)*

Sa tanang buhay ko, pangalawang beses ko pa lang nako-confined sa ospital, as in dalawang linggo na nakatira sa ospital. Ito na ang pinakamatagal. Nu'ng una, isang linggo lamang. Nang ma-trace ng Human Rights Group na nadampot ako ng mga militar. Ipinaglaban ng Human Rights Group na ma-confine ako sa ospital matapos makulong sa Bicutan. Nineteen years old ako nang damputin ng militar at kasuhan ng rebelyon. That time nagsisimula ka nang mag-MA sa Australia. Nu'ng kabataan natin, alam mo namang ang kilalang mga frontliners 'yung mga nasa ligal na organisasyon. Kasi Martial Law noon, sila ang laging humaharap sa militar. 'Pag nahuhuli ang mga kasama, lalo na 'yung mga nasa underground movement, ang mga frontliners sa ligal na organisasyon ang humaharap. Malinaw noon—ang militar, kasangkapan ni Marcos at kanyang mga cronies sa pagpapahirap sa taumbayan.

Ngayon, di na raw makita ang kalaban na COVID-19. Magkakampi raw ang lahat. Ibinibilang pa ng gobyerno na frontliner ang militar. Ang katanggap-tanggap sa marami, frontliner ang health worker. Eto na nga, ang bilang ng mga health workers na nagkakasakit ng COVID-19, dumarami. Ang tingin na nga sa kanila'y mga bagong bayani, sila raw kasi ang tunay na mga frontliners. 'Pag magkasakit pa nga ang mga health workers, wala nang gagamot sa ibang mga pasyente ng COVID, mayaman man o mahirap. Ang malungkot nito, ang bilang ng mga nurses, dumadagdag sa bilang ng confirmed COVID-19 cases. Kasi naman may mga paseynte na di agad umaamin ng kanilang karamdaman at sila'y may history of travel abroad. E,

ang isang health worker, may sinumpaan na kahit sino ka pa, walang pag-aatubiling haharapin agad ang isang pasyente. Naalala ko tuloy si Adela, Ate. Sinong Adela? Si Adela 'yung health worker na naka-assigned na magdala sa akin ng pagkain at gamot sa araw-araw. Nu'ng simula, isang tanong, isang sagot si Adela. Parang kinakapa pa ang mga gagawin. Naiwika ko kay Adela—"Ang bata mo namang frontliner? Ilang taon ka na ba?" Malayo 'ata ang kanyang sagot—"Board passer po." Sabi ko, dati rin akong frontliner—frontliner kapag may protesta nu'ng panahon ng Martial Law. Nangingiwi si Adela. Di ko mawari kung naiintindihan niya ang ibig kong sabihin. Baka naman naiilang siya, panay reklamo sa gobyerno ang naririnig niya sa akin.

Tama ka, Ate. Adela rin ang pangalan ng paborito kong apo. Kinasanayan na namin siyang tawaging Dengdeng. Pero di gaya ni Adela, ang apo nating si Dengdeng, abogasiya ang tinapos. Hinihintay na lang ang resulta ng bar exam. Madalas nga akong biruin—"Lolo, 'pag abogado na ako, kakasuhan natin ang buong pamilya ng nagtortyur sa inyo." Natatawa ako. Napapaisip at sinanagot siya—"Ang dapat lang maparusahan si Tenyente Anino at hindi ang buong pamilya. Malay mo, naiibang mag-isip ang kanyang magiging apo."

Simula nang ma-confined ako, nakakaharap ko na si Adela. Nakasuot palagi ng light green na PPE. Buong katawan, mula ulo hanggang paa. Di ko matandaan kung gawa sa plastic or leather. Ang alam ko, matapos ang ilang gamit, kailangang palitan na. Maganda ang pagkakagawa. Donated raw ng isang tanyag na fashion designer. Baka may kakilala kang gusto ring mag-donate, Ate. Naiilang ako sa suot ni Adela. 'Pag lumalapit si Adela, pinoporma ko ang aking kamay na parang may hawak na pang-spray. Tinatanong niya, ano raw itong nasa kamay ko. Sagot ko naman—"Tear gas, proteksiyon para lumayo ang kalaban."

*(Matatawa si Paciano.)*

Kung minsan, hindi ko lamang maintindihan ang pakiramdam ko, tatawag na ako sa bahay. May konting kumikirot lamang, makikipag-video call na ako kay Misis. Kakausapin ko si Dengdeng. Pagsasabihan ako. "Isipin mo na lamang na nagbabakasyon ka. Nasa abroad ka, kaya di tayo nagkikita. Sabi mo nga fighter ka, frontliner noon. 'Wag nang tawag nang tawag. Pahinga ka, Lo." Minsan naman, hindi ako sinasagot ng bini-video call, napansin ni Adela. Siya ang nagsabi sa akin na magpalagay ng Mobile TV Plus. Binigay pa niya sa akin ang password ng kanyang Netflix connection.

Nakasuot rin ng green 'yung militar na dumampot sa akin. Nakauniporme ng fatigue si Tenyente Anino. Tenyente pa si Danding Anino noon. Ngayon retiradong heneral na ang mabangis na si Anino. Si Anino ang itinalaga ng gobyerno na maging bahagi ng Task Force Sagip Bansa Laban sa COVID. Na-trauma ako sa kanya. Kaya kung minsan, 'pag may inaabot na gamot si Adela, binubusisi ko muna. Baka galing kay Tenyente Anino. Baka ako'y malason. Kung uso na noon pa ang cellphone, siguradong kukumpiskahin ni Tenyente Anino. Telepono nga, hindi ako payagang gumamit. Tinatakot ako na nasa kabilang kuwarto lang daw ang misis ko. Nagsasalitan raw magparaos ang kanyang mga tauhan. Ang sigurado ako, nagpalipat-lipat kami ng safe house.

'Pag sumasapit ang nine o'clock ng gabi, pinaaalalahanan na ako ni Adela. "Lolo, pikit na. Matulog na para makapagpahinga." Ipinipikit ko ang mga mata ko. Kunwari'y natutulog na. Pero pilitin ko man, hindi ako makatulog lalo na nu'ng pagaling na ako sa COVID. Kung ano-ano ang naiisip ko. May sense of humor pa si Adela. 'Yung orasan sa tapat ng kama ko sa ospital, binabaligtad niya 'pag six o' clock na. Nagiging nine o'clock. Sisitahin ko siya na baligtad naman ang ibang numbers at nahihilo ako. Nahihilo na lang daw ako sa antok kaya kailangan ko na lang matulog. Magpipikit-

pikitan naman ako. Sa totoo lang, lalo akong hindi nakakatulog kapag naalala ko ang nine o'clock.

Hindi ko matantsa kung kailan darating ang bawat umaga. Sa tuwing umaatake ang pananakit sa aking dibdib, hindi ako makahinga. Pakiramdam ko bilang na ang oras ng buhay ko. May mga panahong parang bahagi na ng sistema ng pagkabuhay ko ang nakasaksak na ventilator.

*(Magpapakita ng ventilator si Paciano.)*

Nu'ng ini-interrogate ako ni Tenyente Anino, hindi ko tiyak ang eksaktang oras. Minsan, narinig kong sinasabi niya sa kanyang tauhan na nine o'clock sisimulan ang interrogation. Ipinagpapalagay kong kapag nine o' clock nagsisimulang magpamalas ng kabangisan si Tenyente Anino. Natatantsa ko kung mag-uumaga na.

Si Adela nga, nagkukuwento. Natatakot raw kapag umuuwi nang mag-isa. 'Pag nakita siyang nakasuot ng uniporme, tinititigan ng masama. 'Yun namang dati niyang kaklase, hinagisan ng clorox sa mukha. Mabuti na lang hindi nabulag.

Hindi ko malaman kung saan ako nahawa ng COVID. Hindi naman ako nagbibiyahe sa ibang bansa. Bihira akong pumunta ng Maynila. Nagsimula sa konting sipon. Sinundan ng ubo, dry cough. Paggising ko nang umaga, sumasakit ang lalamunan ko. Hanggang sa nilagnat na ako. Isa, dalawang araw hanggang sa umabot na ng isang linggo. Nagpa-check-up na ako. Napabilang sa probable case. Nagpatest sa RITM. Makalipas ang isang linggo, lumabas ang resulta. Positive na may COVID-19 ako. Gumuho ang pangarap ng aking pamilya. Gusto raw nilang umabot pa ako ng one hundred years old para makatanggap ng one hundred pesos na reward mula sa gobyerno. Nagsimulang mag-iyakan ang lahat. Para bang sa loob lamang ng isang oras ay mamatay na ako. Sabi ko, may gumagaling sa sakit na COVID-19. Dagdag ko nga, "Kung 'yon ngang karahasang

naranasan ko kay Tenyente Anino nakayanan ko, ito pang COVID." Ang bulong naman ni misis—"Bata ka pa noon. Ngayon sa edad na sixty-six, baka hindi mo kayanin." Sa isip ko, "It's all in the mind, the power of my brain." Nang mag-chorus na ang lahat—"Wala pang gamot para sa COVID-19!" Doon na ako napaisip at labis na kinabahan. Napatingala ako sa kisame, sabay bulong sa sarili. "Lord," 'ka ko, "sana paabutin mo man lang ako ng seventy-five years old para ma-celebrate namin ni Misis ang diamond anniversary naming mag-asawa." Napabuntonghininga ako. Muling nagwika—"Sige Lord, kahit paabutin mo na lang ang buhay ko hanggang lumabas 'yung resulta ng bar exam." Niyakap ako ng paborito kong apo.

*(Magpapakita ng lumang photo ng kanyang apong si Paciano.)*

Dito sa subdivision, wala namang napapabalitang may sakit na COVID. Wala kang maririnig na kuwento. Sabagay, baka walang gustong umamin. Natatakot na baka batuhin kapag umamin kang may COVID ka.

Oo, dito tayo sa subdibisyong 'to nagkamuwang. Nang magkapamilya ang bawat isa, nagkanya-kanya na ng tinitirhan. Ako na lang ang pinagkatiwalaan ni Tatay sa bahay na 'to. Alam ko kung may umaaligid na ahente ng militar. Ikinukuwento agad ng mga kapitbahay.

Ang usong sakit noon, tuberkulosis. Sa ilang kasulok-sulukan ng bansa, may malaria pa. Sa mga iskuwater, a-e, informal settlers na ang tawag ngayon, mas sikat ang sakit na tuberkulosis. Tuberkulosis ang sakit ng mahihirap hanggang ngayon. Napuksa na nga raw sa mauunlad na bansa ang tuberkulosis. Dito sa Pinas, marami pang may sakit ng ganito.

*(Magpapakita ng X-ray film chart si Paciano.)*

Ako, kahit kailan, hindi nagkasakit ng tuberkulosis o malarya. Madalas may sipon at ubo. May panahong nilalagnat dahil nga pagod sa dami ng gawain sa komunidad. Ilang inom lang ng Paracetamol, gumagaling na. Lagi akong may dalang Medicol o Cortal. Iba na yata ang brand ng gamot ngayon. Pero ang nirereseta ng duktor noon at ngayon, halos pareho pa rin—uminom ng maraming tubig, magmumog ng asin, kumain nang maayos at magpahinga.

Mabuti na lamang, suspected case lang si Misis. Ang mga anak ko, probable case lang. Ganu'n din si Dengdeng. Pero matigas ang ulo nitong si Dengdeng. Sabi nang isa lamang ang Home Quarantine Pass sa bahay, nakapangalan sa kanyang ama, magpupumilit pa ring lumabas. Mamamassyal dito sa bahay namin ng lola niya. Narito palagi si Dengdeng sa bahay. Gaya ngayon. Nu'ng nagre-review nga 'yan sa bar, laging dito umuuwi. Napansin ko nga, pareho ang mannerism nila ni Adela. Gusto raw ni Adela magtrabaho sa abroad. Mas malaki raw ang kita du'n. Pinili niya munang magkaroon ng experience sa ospital sa Pilipinas. Nu'ng pumutok ang isyu ng COVID-19, hindi niya naayos ang application niya sa abroad. Maalaga sa pasyente si Adela. Parang mga kasama. Inuudyukan kong 'wag nang mag-abroad para mas marami siyang natutulungan. Bibang sumagot. Kahit nasaan naman daw kung nais makatulong, magagawa. Articulate ang bata. Bulong ko nga sa sarili ko, puwede siyang mass leader. Ano kamo, Ate? Ampunin ko?

*(Matatawa si Paciano.)*

Nu'ng pumutok na nga ang isyu ng COVID-19 at nalagdaan ang Bayanihan Act, nagdeklara ng cease fire ang gobyerno sa mga pangkat na kalaban niya. Kasi raw kailangang magkaisa laban sa nag-iisang kalabang COVID-19. Naisip ko—"Magsabit kaya ako ng telang puti. Kaso, paano kung may naparaan at napahawak sa tela. May COVID ang humawak. Naisip ko ring maglagay ng pasong may halaman sa gate. Para good vibes lang. Paano kung may

dumura sa paso na may COVID? Kailangan kong itabi ang paso para makahakbang. 'Pag hawak ko baka mahawa ako. Sa loob ng fourteen days puwedeng lumabas ang sintomas ng COVID. 'Yun ay kung may sintomas. Papaano kung asymptomatic? Sunod-sunod pa man din ang dami ng meetings. Siguradong maraming mahahawa.

Maingat na nga kami sa surveillance ng militar, mag-iingat pa sa kaaway na di nakikita? Sabagay, sa mataong lugar, parang COVID-19 rin naman ang mga ahente ng militar. Hindi mo alam, katabi mo na pala habang umiihi ka sa CR. Ang tanging sintomas na ahente nga ang katabi mo ay 'pag nahalata mo nang paulit-ulit kang sinusundan. Parang stalker. Kung minsan nga, gaya ng COVID-19, asymptomatic ang intelligence work. Sa cellphone o internet ka sinusubaybayan. Ang pinakamalala, 'yung pagkakaroon ng troll sa social media. Nagkalat ang fake news. Nu'ng panahon ng Martial Law, may mga koda kami para sa pagpapanatili ng seguridad. Nakuwento ko na 'yon sa 'yo, di ba? Sa gate ng bahay-urungan, 'yung bahay kung saan kami pumupunta kapag mainit na sa mata ng militar, nagsasabi kami ng isang bagay. Ang usapan, kapag sinusundan ka, 'wag nang tumuloy dahil baka mapahamak ang iba pang mga kasama sa bahay-urungan. Naglalagay kami ng halaman sa tabi ng gate. 'Pag nawala ang halaman, ibig sabihin, may nangyayaring masama. Maaaring dinampot ang kasama. Kaya kung lumalakad, buddy-buddy, walang humihiwalay sa ka-buddy.

*(Magpapakita ng lumang photo ng kanyang apo si Paciano.)*

Kapag nami-missed ko si Dengdeng, parang gusto kong magpayakap kay Adela. Di naman puwede. Pasyente ako, siya ang nurse ko. COVID positive ako, baka mahawa lang siya.

Si Adela ang nagbibigay ng instruction kung paano ko daw malalabanan ang sakit na COVID. Si Adela ang nagpapalakas ng loob ko. Naalala ko sa kanya ang apo ko. Si Adela ang nagsasabing

pilitin kong gumalaw, umunat, tumayo, at humakbang kahit na sa bawat galaw ko'y nagdudulot ng sakit ang COVID sa baga ko. Sa tanang buhay ko, hindi ko pa naranasan ang ganu'ng pananakit. Parang pinipiga ang baga ko sa sakit. Parang hinihila papalayo sa iyong pangangatawan.

'Pag itinataas ko ang aking kamay, sumasakit ang aking dibdib. Para bang pinapalo ng dos po dos ang aking likuran habang parang ginagawang punching bag ni Manny Paquiao ang aking dibdib. 'Pag bumabaling ako sa kanan, sumisikip ang aking paghinga. Na para bang hinahampas ng kulata ng baril. 'Pag bumabaling ang aking katawan sa kaliwa, nauubos ang aking hangin. 'Yung sakit nagsisimula sa bahagi ng balikat. Parang gumagapang paibaba hanggang sa aking baywang at paibaba pa.

Sasabihan ako ni Adela—"Lolo, kakayanin mo 'yan. Bata pa ang sixty-six years old." Sabay biro pa na—"Ikaw pa nga ang maghahatid sa paborito mong apo kapag lalabas na ang resulta ng bar exam." Tunay ngang lumalakas ang loob mo. Tumitibay ang kapit sa pag-asa. Kahit masakit na masakit, pinipilit kong kumilos.

Sa COVID-19, makakabuti ang pagturo ko para sa contact tracing. Sa COVID-19, makakabuti ang pag-amin kung saan ka naparaan at sino ang nakaharap mo.

Isang hapon, nakaharap ako sa bintana ng ospital. Nakita ko ang mga kasama, nagmamartsa. May hawak na mga streamer at placards. Magkakabisig-bisig. Walang tigil ang pagsigaw ng slogans. Bigas, hindi bala. Isang naka-civilian sa hanay ng mga dispersal unit ang nagpaputok. Takbuhan kami. Narinig ko ang sunod-sunod na putok. Paglingon ko sa di kalayuan, nakita kong nakabulagta na sa sahig ang ilan sa mga nag-rally. Sa ginta ng sigawan at daing ng mga nagra-rally, nangibabaw ang boses ni Adela.

"Lolo, katanghalian, bunga 'yan ng init. Ilang araw ka na ring hindi nakakaligo." Ang nasabi ko—"Pinagbabaril kami ng mga

militar. Maraming . . . maraming patay." Ilang segundong natigilan si Adela. Nakatitig lamang. Napagtanto kong nananaginip lamang ako. Tumalikod at umalis na lamang. Sinigawan ko si Adela—"Nangyari talaga 'yon." Bumaling ng tingin si Adela. Tumulo ang luha sa kanyang mga mata. 'Ka ko—"Bakit?" Umalis na lamang siya.

Kinabukasan, tinanong ko si Adela. Kung bakit siya napaiyak kahapon. Napangiti na lamang siya. Biniro ko nga—"May LQ kayo ng boyfriend mo, ano?" Nakataas ang kilay na itinanong niya kung ano raw ang "LQ." Sinagot ko—"Lover's quarrel." Di na daw uso 'yong salitang 'yon. Sabi ko naman—"Anong uso? Momol? Hindi na kayo nagmomomol ng boyfriend mo?" Alam ko 'yon kasi naririnig kay Dengdeng. "Updated ka, Lo," pangiting sabi niya. Tugon ko naman—"Updated saan? Na may boyfriend ka na?" Hindi niya na ako sinagot. Naglaho ang ngiti niya sa pisngi. Ang sabi—"Lo, dumarami . . . parami nang pamarami ang namamatay sa COVID-19." Nu'ng mapunan niyang nakatitig lamang ako, sinunod agad ang pagbiro—"Pero, sigurado akong iba ka sa kanila. Sa dami ng dinaanan mo sa buhay, you will survive. Malalagpasan mo ang COVID."

Kung sa COVID, sa loob mismo ng pangangatawan ang nararamdamang pananakit, 'yung sa militar, panlabas ang nararanasan ko. 'Pag pabalang ang pagsagot ko kay Tenyente Anino, sinusuntok at sinasakal ako ng maraming beses ng kanyang mga tauhan. Ang pananakit nagmumula sa ari ko paakyat hanggang balikat sa tuwing pinapasukan ni Tenyente Anino ng tingting ang ari ko. Para daw aminin ko ang mga pangalan ng mga kasama ko sa underground movement. Alam kong makakasama ang pagturo ko. Makakasama ang pag-amin ko kung sino ang nakakasama ko sa mga pulong at gawain.

Sandali lang, Ate. Wait for a few minutes. Gagamit lang ako ng banyo. Wiwi break. 'Wag mong i-off ha. Malakas naman ang boses ko. Dinig mo na naman ako. Ituloy ko na ang kuwento. Para hindi maputol ang mga thoughts ko, Ate.

Eto na nga ang banyo. Isa ito sa pinakapaborito kong lugar sa loob ng bahay. Tuwing umaga, pagkagising, masarap tumambay dito. Pakiramdam ko, dito ko nailalabas ang lahat ng sama ng loob ko. Dito rin ako nakapag-iisip ng susunod na gagawin. Dito rin nabubuhayan ang pag-asa ko. Ikaw ba? Naririnig mo pa ba ako? Ba't wala kang reply? Nu'ng bata ako, nagkaroon ako ng UTI. Kaya kinabahan ako nang magka- COVID. Kasi 'yun daw mga namamatay na senior, ang dahilan, may serious underlying medical condition. Kaya nu'ng meron na akong COVID, kahit masakit ang pagbangon mula higaan hanggang makarating dito, pinipilit ko.

*(Maririnig ang flush ng tubig.)*

Ayan. Bumuhos na ang mga bagay na ayaw mo.

*(Tatapat muli sa laptap.)*

Siyempre, mas masarap magkuwentuhan kung kaharap mo 'yung kausap mo. Saan na nga ba tayo naputol? A, 'yung banyo. 'Yung banal na lugar para sa mga pasyente ng COVID.

Mula sa pagkakahiga, pipilitin kong umupo para makatayo. Parang hinihila ang katawan ko sa kamatayan patungong impiyerno. Parang ayaw ko nang pumunta ng banyo. Tumitigas ang aking mga binti. Nangangatog sa lamig ang aking talampakan. Sasabihin ko sa sarili, kaya ko ito. "It's all in the mind." Naglalaban ang isipan ko at ang virus sa baga ko. Mapapaluha ako. Palalakasin ni Adela ang loob ko—"The power of your brain. Just do it, Lo." Sa bawat sandaling hinahakbang ko ang aking mga paa, para akong tumatawid ng bangin. Alam mo 'yon, na any moment, 'pag nagkamali ang balanse ng paa ko ay mahuhulog ako at mas masakit ang hambalos ng virus sa katawan. Gustuhin ko mang magmura, hindi ko alam kung nasaan ang kalaban. 'Pag narating ko na ang pinto ng banyo, inuunahan pa ako ni Adela na magsabi—"Thank you, Lord." Matapos gumamit ng banyo, pabalik—panibagong kalbaryo. Parang gumaganti pa ang

virus sa baga ko at sinusuway ko siya. Bubulong si Adela—"Pilitin n'yong lumaban, Lolo." Mapapaluha na lamang ako. Pabirong palalakasin ni Adela ang loob ko. "Kung hindi ka kikilos kahit napakasakit, matutuwa lamang ang virus. 'Yun ang gusto nila sa mga may sakit na COVID, ang hindi na makakilos, maging manhid at sumuko na ang pasyente. Alam kong hindi ka ganyan, Lolo. Lalaban ka." Pakiramdam ko anumang oras, ikamamatay ko na. Hindi na lang si Hesus at Birheng Maria ang tinatawag ko. Tinatawag ko na rin sina San Pedro, Padre Pio, San Jose, at lahat ng santong natatandaan ko. Umaasang titigil  ang pagpapahirap ng virus.

'Pag dumampi na ang likuran ko sa kama, mapapasigaw ako—"Ay, salamat." Mas malakas ang sigaw ni Adela—"Tagumpay! Panalo tayo, Lolo. We are winning the battle."

Tama nga si Adela. Habang lumilipas ang mga oras, nanghihina ang kalabang virus. Lumalakas ang aking pangangatawan. Ang luha ko'y napapalitan ng ngiti sa pisngi. Lalo na kapag bumabati na si Adela—"Sabi sa 'yo, Lolo. Warrior ka. Mas warrior ka pa sa akin." Tutugon naman ako—"Talaga namang mandirigma ako, frontliner sa mga rally."  Lumala ang UTI ko nu'ng tinutortyur ako ng militar, Ate.  Nu'ng kaharap ko si Tenyente Anino, ayaw kong magpadala sa banyo kahit ihing-ihi na ako. 'Yung kamay niya, parang Laban sign at saka magiging parang baril na kuwarenta'y singko. Itututok sa aking sintido. Mananakot—"Baka gusto mo ng . . . pung!" Hahalakhak nang nakakaloko. Kakaladkarin ako ng kanyang mga tauhan hanggang makarating ng banyo. Ihaharap ang mukha ko sa inidoro. Ilulublob sa duming halos ilang araw nang hindi nabubuhusan ng tubig. Kaya sa tuwing sinasabing dadalhin ako sa banyo, nasusuka na ako. Gugustuhin ko pang mapaihi sa pantalon ko kaysa madala sa banyo. Nangyari nga ang ganu'n. Basang-basa ang pantalon ko. Pumanghi sa buong silid. Sa galit ni Tenyente Anino, pinahubad ako sa kanyang mga tauhan. Pinaglaruan ang ari ko. Kumuha ng walis tingting. Akala ko papaluin lamang ako. 'Yun pala, kumuha

lang ng isang tingting at paulit-ulit na ipinasok sa butas ng aking ari. Sa sakit, napamura ako. "Putang-ina ninyo . . ." Naramdaman ko ang pag-akyat ng matinding pananakit mula sa ari ko papataas sa baywang hanggang sa balikat.

Tinatanong ako ni Adela kung tinatawag ko rin ang Diyos at mga santo nu'ng pinahihirapan ako ni Tenyente Anino. Ang sabi ko, 'pag hindi ko na kaya ang sakit, nagdarasal lang ako ng Ama Namin at Aba Ginoong Maria. Palakas nang palakas. Bubusalan ang bibig ko. Patuloy ang pagdarasal ko. Hindi ko na nga nabilang kung ilang Ama Namin at Aba Ginoong Maria ang nasasabi ko. Hindi natitinag si Tenyente Anino at kanyang tauhan. Ipinapakita sa akin ang dalawang libro. Sinisigawan ako— "Kumikilala pala ng Diyos ang isang komunista. Bakit hindi ang tawagin mo sina Karl Max at Mao Zedong." Papaluin ng libro ang aking bumbunan. Paulit-ulit hanggang halos ay mahilo na ako.

Nasa tapat ko ang kalaban. Murahin ko man, walang kaluluwa ang mga hangal.

Nu'ng magdagsaan na ang mga tao sa EDSA, ang mga hangal daig pa ang mga maamong tupa. Nakisabay ng pagsigaw sa taumbayan. "Panalo na tayo. Bibigay na si Marcos!" At nu'ng inanunsiyo nga na nakaalis na si Macoy, pag-uwi ko may nasalubong akong mga kabaro ni Tenyente Anino. Naka-Laban sign na.

(*Ipakikita sa kanyang kamay ang Laban sign.*)

Nu'ng mga oras na 'yon, gusto ko ngang sigawan—"'Tang ina ninyo! Kakampi na namin kayo? Nu'ng nasa kaluklukan ng kapangyarihan si Marcos, para kayong mga asong ulol na hindi maawat sa pangangagat at pagpaslang ng mga walang kalaban-labang mamamayan."

(*Maririnig ang tahol ng asong si Bongbong.*)

Ala, napalakas 'ata ang boses ko. Tumatahol si Bongbong. Alaga 'yan ni Dendeng. Saan na nga ba tayo? A, kay Adela.

Parang batang tinutukso ako ni Adela. "Aktibista ka kasi, Lolo." Kung dati parang umiiwas siya kapag usapan ay may kinalaman sa Martial Law, sa mga sandaling iyon ay parang interesado na siyang makinig at matuto sa aking naging karanasan. Lalo na kapag binibiro ko siya—"Ikaw, Adela, ang frontliner sa kasalukuyan nating kalaban." Sagot ba naman sa akin—"Di lang health worker. Isama ninyo na ang sundalo." Nagpintig talaga ang tenga ko. Hindi ko maiwasang mag-lecture. Sabi ko—"Adela, para kang hindi babad sa social media. Tignan mo nga ang naka-post sa Facebook. Ang mga sundalo, nananakit, namamalo ng mga lumalabas ng bahay. E sa nagugutom at di pa dumarating ang relief goods. Nasa bakuran na nga, hinuhuli pa. Ang malala pa, kahit nasa loob na ng bahay, kahit walang warrant of arrest, huhulihin kapag hindi naka social distancing." Daig pa ang may martial law. Sasagot agad si Adela—"Walang martial law, Lo." "Ikaw naman, paborito ko kasing manood ng Probinsyano. Joke lang." Magbibiro, Ipoporma ang kamay ng ganito. 'Pag tinanong ko—"Ano 'yan?" Ang sagot—"Spray pampatulog. Para stop na lecture. Hehehe."

Wala daw martial law. Makalipas ang ilang araw. Nakasimangot na ang pagmumukha ni Adela. Ang bungad sa akin—"Lo, may martial law na 'ata. Wala nang Probisyano. Walang Showtime. Wala na ring Mobile TV Plus. 'Yun na nga lang ang libangan ko 'pag breaktime, e."

Kahit nga ako, nabuwisit e. Nalilibang ako sa O Shopping kahit wala akong pambili. Kaso hindi ko na mapanood. Minsan 'yung mga palabas ni FPJ sa Cinemo.

Isang nakatatawang pangyari ang hindi ko malimutan. Kinabagan ako. Habang ihinahanda ni Adela ang iinumin kong gamot, napautot ako. Sa baho, pakiramdam ko maaaring ikamatay

ko. Sabi ko nga sa sarili ko, baka malalagpasan ko ang COVID. Pero 'pag laging ganito ang baho ng utot, baka hindi ko matatagalan ang buhay. Kahit naka-mask si Adela, binanggit ko sa kanya. Ang sabi niya, nasasanay na rin siya. Kasi raw sa dami ng namamatay sa COVID-19, 'yung ilang bangkay ilang araw nang hindi nakukuha sa morgue ng ospital, nangangamoy na. Sa tuwing naghahatid sila ng bangkay, naaamoy niya. Halos sikmurahin siya. Mabuti na lang pagaling na ako. Wala na akong nararamdaman na sakit. Kaya kinibit-balikat ko ang kuwentong 'yon ni Adela.

Sa pagtatapos ng bawat araw . . . sa pagbubukang-liwayway ng panibagong araw, ang tinatanganan ko lamang ay ang pag-asa na darating ang hinihintay ko. Nang dapuan ako ng sakit na COVID, malakas ang pananalig ko na gagaling ako. Maalaga kasi ang frontliner na si Adela. Umaasang makikita ang paborito kong apo. . . maihahatid siya sa araw ng kanyang panunumpa sa abogasya. Nu'ng kabataan ko, hindi ko ininda ang pananakot ni Tenyente Anino. Pakiramdam ko frontliner ako. Hindi dapat pasisindak sa kahayupan ng kalaban. Malakas ang pananalig ko na hindi ako pababayaan ng mga kasama . . . na darating ang araw ng paglaya ko. . . na makikita ko pa ang aking pamilya. Sa awa ng Diyos, eto buhay na buhay pa ako. Bukas pang maglingkod sa bayan hangga't kakayanin ng katawan ko.

Minsan nasabi ni Adela—"Lo, lahat na lang pinupulaan mo. Parang wala nang nagawang tama ang gobyerno." Sabi ko naman—"Wala naman talaga e. Sige eto. 'Yung bayad sa premium ng PhilHealth, voluntary na lang. Nagpadala na ng protesta ang DFA sa idineklarang distrito ng China. Tinanggal 'yung nagpapa-imbestiga sa pagtulong ni VP Leni. May cease fire na. Ang kaso—pinababayaan lamang ang pag-okupa ng China sa West Philippine Sea. Hinuhuli 'yung mga NGO na nagpamudmod ng relief goods. Dinispers 'yung mga manggagawa na nakabarikada sa minahan. Pinatay 'yung lider ng Bayan Muna."

Muli niyang ipoporma ang kanyang kamay na parang may hawak na spray. “Pshhh, sa isang tama, may sampung mali.”

“Ipagpalagay nang mas marami ang tamang nagawa kaysa sa mali, tatahimik na lamang tayo?”

“Nakakarindi na ang reklamo, Lo.”

“Paano, walang ginagawang paraan para lutasin.”

“Bahagi tayo ng problema, Lo.”

“May bahagi tayo sa paglutas, Adela.”

”Sasama rin kami sa pagra-rally ninyo?”

“Nu’ng kabataan namin, ganu’n ang ginagawa namin.”

“Baka naman may ibang paraan para makatulong. Gaya ng ginagawa ko ngayon.”

“Adela, baka nagkataon lamang na lumitaw ang COVID-19.”

“May sinumpaan ako sa aking propesyon.”

“At pagkatapos ng lahat ng ito, mag-aaply ka na ng trabaho sa abroad?”

“Hindi ko kakayaning humarap sa . . . gaya ni . . . Tenyente Anino.”

“Kayo ba, Lo? Kumusta na ang iyong paboritong apo?”

Napaisip ako. Naalala ko ang ama ni Dengdeng, ang anak ko. Nawalan ako ng sapat na panahon sa anak. Lumaki siya sa kanyang Lola. Hanggang lumaki na siya na may bahagyang ibang palagay sa mga pinaniniwalaan ko. Maging sa paborito kong apo. Mabuti na lamang, nakinig si Dengdeng sa ilang palagay ko. Abogasya rin ang unang pinangarap kong kurso.

Ang matagal na katahimikan ay binasag ng nanginginig na tinig ni Adela. “Naaaliw nga ako sa inyo. Marami akong natututuhan, Lolo.” Ang hindi niya ’ata napapansin, ako itong marami ring natututuhan. Kung paano tinitignan ng mga Millenials ang

kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Huling araw ko sa ospital. Hindi ko na nakikita si Adela. May bago nang naka-assigned. Hinanap ko sa bagong nurse si Adela. Ang sabi—"Nasa kabilang building." Naisip ko, baka doon ina-assigned si Adela kasi maalaga siya sa pasyente. Mas marami raw pasyente doon. May iniabot na kapirasong papel 'yung bagong bagong nurse. Galing daw kay Adela. Tinanong ko—"Hindi ko ba maaaring makita si Adela? Ngayon na ang labas ko sa ospital." Sagot niya—"Si Adela po, COVID patient." Binasa ko ang nakasulat sa kapirasong papel. "Lo, hindi ko na mahihintay ang iyong paglabas ng ospital. Sigurado namang COVID-free ka na. Ingat na palagi. – Adela." Hindi ko man lang natanong ang apelyido niya.

Isinuot ko ang aking sombrero. Pinaupo ako sa wheel chair. Itinulak ng bagong nurse ang wheel chair palabas sa silid. Sa corridor ng ospital, sinalubong ako ng palakpak ng iba pang mga nurses. Pero wala doon si Adela. Nakita ko 'yung listahan ng pangalan ng mga nurses sa bulletin board. Ang tanging pangalan na Adela ay may apelyidong Anino.

Ang sabi nu'ng bagong nurse—"Si Adela, apo ni Heneral Anino." Pinilit kong tumayo, tinaggal ang suot kong sombrero. At nagpugay ako sa larawan ni Adela.

O, Ate, kailan na kayo uuwi ni Kuya at mga anak mo. Magsasampung taon na mula nang kayo'y huling nakauwi. Buhay pa sina Itay at Inay. Pagplanuhan natin ang reunion next year. Sige, stay safe, Ate. Bye.

*(Papailanlang ang awiting "Leaves.")*